

Resolusyong amyendahan ang SEIU Constitution Article VI

Kung saan: Ang SEIU at ang mga lokal nito ay nagsisikap na makabuo ng Pwersa ng Unyon, at isang mas matatag na unyon upang protektahan ang mga taong pinaglilingkuran namin;

Kung saan: Ang lahat ng manggagawa ay dapat magkaroon ng makabuluhang boses sa mga pagpapasyang kumakatawan sa kanila;

Kung saan: Ang kolektibong boses at pwersa ng mga manggagawa ay nakadepende sa mga demokratikong prinsipyo, at ang aktibong pakikilahok at pagtuon ng mga miyembro ng aming lokal na unyon;

Kung saan: Natitiyak ng pagsunod sa mga demokrating prinsipyo na ang lahat ng manggagawa ay maaaring magkaroon ng makabuluhang boses sa mga pagpapasyang nakakaapekto sa kanila;

Kung saan: Bilang ang termino ng tanggapan para sa mga miyembro ng Lupong Pang-ehektibo ng SEIU ay iba sa termino ng tanggapan ng mga lokal ng SEIU, ang termino ng lokal na tanggapan ng miyembrong nahalal bilang Opisyal ng kanyang lokal ng SEIU at bilang miyembro din ng Lupong Pang-ehektibo ng SEIU ay maaaring matapos bago magwakas ang kanyang termino bilang miyembro ng Lupong Pang-ehektibo ng SEIU;

Kung saan: Sa mga nasabing sitwasyon, maaaring hindi katawanin ng pagpapahintulot sa dating Lokal na Opisyal na tapusin ang kanyang termino bilang miyembro ng Lupong Pang-ehektibo ng SEIU ang layunin ng kanyang Lokal ng SEIU, o ang ikabubuti at kapakanan ng SEIU, na nagpapahina sa mga demokratikong prinsipyo kung saan nakabatay ang SEIU at mga lokal nito.

SAMAKATUWID, napagpasyahan ang sumusunod: sa Article VI (Mga Opisyal), Section 2 (Termino ng Tanggapan ng IEB), idaragdag ang sumusunod na teksto, "Gayunpaman, kung sakaling ang termino ng tanggapan ng isang miyembro ng Pandaigdigang Lupong Pang-ehektibo sa kanyang lokal na unyon ay magwawakas bago ang pagwawakas ng kanyang termino ng tanggapan bilang miyembro ng Pandaigdigang Lupong Pang-ehektibo, ang kanyang termino bilang miyembro ng Pandaigdigang Lupong Pang-ehektibo ay agad na magtatapos, at ang proseso para sa paghahain ng mga pagbakante sa Article VII ay malalapat."

NAPAGPASYAHAN DIN ANG sumusunod: sa Article VII (Paghahain ng Mga Pagbakante), idaragdag ang sumusunod na teksto, "Kung sakaling magkabakante sa Mga Miyembro ng Pandaigdigang Lupong Pang-ehektibo sa pamamagitan ng Article VI, Section 2, ang Pandaigdigang Lupong Pang-ehektibo ay dapat, sa loob ng 90 araw pagkatapos mangyari ang nasabing

pagbakante, ihain ang pagbakante para sa hindi pa nagwawaks na termino sa pamamagitan ng boto ng karamihan.”

Joe Donahue

NYS Public Employees Federation -- SEIU Local 4053

PEF Council Leader Division 190

PEF Executive Board Seat 487

NYS Dept of Taxation and Finance